



MALIGAYANG PAGBISITA SA SAN DIEGO COMMUNITY POWER

Pinaglilingkuran ang ating mga komunidad nang may mas malinis at renewable na enerhiya sa mga kumpetitibong singil.

Bisitahin kami sa SDCommunityPower.org



Kumusta kapitbahay - maligayang pagdating sa ating kapitbahayan!
Kami ang **San Diego Community Power (SDCP)**, ang iyong lokal na tagapagkaloob ng kuryente na naghahatid sa iyo ng mas malinis na enerhiya sa mga kumpetitibong singil. Bilang lokal na pinamamahalaan at nakabase sa komunidad na pampublikong ahensya, inuuna namin ang ating mga komunidad, sa pamamagitan ng pagtulong sa iyong gumawa ng malaking hakbang tungo sa mas mapapanatiling kinabukasan para sa enerhiya. Nakatuon kami sa kung ano ang pinakakinakailangan at pinakaninangis ng ating mga komunidad pagdating sa kanilang enerhiya. Noong sinimulan mo ang serbisyo ng kuryente, ang San Diego Community Power ay naging iyong bagong tagapagkaloob ng serbisyong naglalabas ng kuryente - ibig sabihin ay bumibili kami ng renewable power, tulad ng solar at wind, at ibinibigay ito sa iyo sa mga kumpetitibong singil sa pamamagitan ng kasalukuyang electric grid.

Paano ang Proseso Nito



SDCP

Bumibili ng kuryente mula sa mga renewable na mapagkukunan

SDG&E

Naghahatid ng kuryente at nagpapanatili ng grid

MAKAKAKUHA KA

Mas malinis na kuryente, kinokontrol nang lokal, at kumpetitibong singil

Mga kapakinabangang maaasahan mo mula sa San Diego Community Power:

- Mapagkumpitensya ang presyo, mas malinis, renewable power
- Mga programa ng enerhiya na iniaakma upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga taga-San Diego
- Lokal na kontrolado ng mga lokal na kinatawan na inuuna ang mga mamamayan at ang ating mga komunidad
- Muling pamumuhunan ng mga kita sa mga komunidad na aming pinaglilingkuran
- Suporta sa paglikha ng lokal na trabaho at pagpapaunlad ng mga lokal na proyektong renewable na enerhiya

Sa ngalan ng bawat isa sa SDCP, nasasabik kaming mapaglingkuran ang iyong komunidad sa pamamagitan ng malinis at renewable na enerhiya!

Iyong Enerhiya. Iyong Desisyon.

Ang pagiging customer ng San Diego Community Power ay nangangahulugang maaari ka na ngayong pumili ng malinis na enerhiya.

PowerOn — hindi bababa sa 50% Renewable

Noong awtomatiko kang na-enroll sa aming serbisyo, sinimulan mong matanggap ang aming karaniwang alok ng serbisyo, ang **PowerOn**, na nagbibigay ng hindi bababa sa 50% na renewable na enerhiya at mapagkumpitensya ang presyo sa San Diego Gas & Electric (SDG&E).

Power100 — 100% Renewable

Kung gusto mong mabawasan pa ang iyong carbon footprint mula sa pagkonsumo ng enerhiya, maaari mong piliin mag-upgrade sa **Power100**, na nagbibigay ng 100% renewable at walang carbon na enerhiya para sa maliit na premium na mas mababa sa \$4 bawat buwan para sa isang karaniwang tahanan.

Sa anumang oras, maaari mong piliin **huwag sumali** at bumalik sa serbisyo ng SDG&E.

To learn more about SDCP and our benefits, change your service level, or to opt out, visit our website at www.SDCommunityPower.org or call 1-888-382-0169.

Para obtener más información sobre SDCP y nuestros beneficios, cambiar su nivel de servicio u optar por no participar, por favor visite www.SDCommunityPower.org o llame al 1-888-382-0169.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa SDCP at sa aming mga benepisyo, baguhin ang antas ng iyong serbisyo, o mag-opt out, bisitahin ang www.SDCommunityPower.org o tumawag sa 1-888-382-0169.

Mga Tuntunin at Kondisyon ng Serbisyo

Ang mga singil sa paglabas ng kuryente ng San Diego Community Power ay pinamamahalaan nang may layunin ng pagkaloob ng mas malinis na kuryente sa mga kumpetitibong singil. Ang anumang mga pagbabago sa mga singil ng SDCP ay pagtitibayin sa mga pampublikong pagdinig na may nararapat na abiso ng Lupon ng mga Direktor ng San Diego Community Power. Ang mga pagbabago sa mga singil ng SDG&E o SDCP ay makakaapekto sa mga paghahambing sa gastos sa pagitan ng SDCP at SDG&E.

Ang lahat ng mga customer ng SDG&E at SDCP ay magbabayad ng buwanang Power Charge Indifference Adjustment (PCIA) at Franchise Fee Surcharge. Isinasalang-alang na ng SDCP ang mga singil na ito pagkatapos ng merkado sa pagkalkula ng mga singil. Tingnan ang mga singil ng SDCP at mga paghahambing sa gastos ng SDG&E sa aming website.

PAG-ENROLL: Ang SDCP ay ang default na tagapagkaloob ng serbisyo ng kuryente para sa mga lungsod ng Chula Vista, Encinitas, Imperial Beach, La Mesa, National City, San Diego, at mga hindi isinasamang lugar sa County ng San Diego. Ang mga account ay awtomatikong naka-enroll sa serbisyo ng San Diego Community Power kapag sinimulan na ang serbisyo ng kuryente sa isang bagong lugar. Maaaring piliin ng mga customer na mag-opt up sa Power100, na nagbibigay ng 100% serbisyo ng renewable na enerhiya para sa karagdagang \$0.0075 kada kWh.

PAGSINGIL: Makakatanggap ka ng isang buwanang singil mula sa SDG&E na kasama ang mga singil sa paglabas ng kuryente ng SDCP. Pinapalitan ng singil sa paglabas ng kuryente ng SDCP ang singil ng SDG&E sa paglabas ng kuryente. Ang singil ng SDCP ay hindi isang doble o karagdagang singil. Patuloy kagalingin ng SDG&E para sa mga serbisyo ng paghahatid ng kuryente. Kung mag-opt out ka sa SDCP, ipagpapatuloy ng SDG&E ang pagsingil sa iyo para sa inilalabas na kuryente.

Para sa kumpletong Mga Tuntunin at Kondisyon ng Serbisyo, mangyaring bisitahin ang SDCommunityPower.org o tawagan ang SDCP sa 1-888-382-0169.